TALÓS
ISSN : 3155-7309
TALÓS: Saliksik sa Wika, Kalinangan, at Likas-Kayang Pag-unlad
(TALÓS: Philippine Journal of Language, Culture, and Sustainable Development)
Vol. 1, No. 2, 2026 | DOI: https://doi.org/10.65339/talos.V1.I2.6

DIGITAL CORPUS NG KABATAANG GEN Z: Isang Multimodal at Searchable Corpus ng Makabagong Filipino

Ramil C. Melo
Teacher I, Tanay National High School, Tanay, Rizal, Philippines

Abstrak: Ang paglaganap ng teknolohiyang digital at social media ay nagdulot ng mga pagbabago sa paggamit, pagbuo, at pagpapakahulugan sa wikang Filipino ng kabataang Generation Z (Gen Z). Layunin ng pag-aaral na makabuo ng isang multimodal, searchable, at linguistically annotated digital corpus na nagdodokumento sa mga makabagong anyo ng wikang ginagamit ng kabataan sa digital na komunikasyon. Kabilang sa mga layunin nito ang pagtipon at pag-oorganisa ng mga piling digital na teksto, pagtatala ng mga salitang balbal, bagong likhang salita, daglat, ekspresyon, code-switching, at iba pang katangiang lingguwistiko, gayundin ang pagsusuri sa mga gamit at kahulugan ng mga ito batay sa konteksto. Inilalahad sa korpus ang mga tala ng salita, tuwirang pahayag, kategorya, tema, mahahalagang salita, at mga anotasyong lingguwistiko at pragmatiko upang mapadali ang paghahanap at pagsusuri ng datos. Mula sa pagsusuri, lumitaw ang pitong pangunahing tema: wikang Filipino bilang pagpapahayag ng identidad; daluyan ng pananaw at pakikilahok; dinamismo ng wika at kulturang digital ng kabataan; instrumento ng digital na pakikipag-ugnayan; pag-angkop ng wika sa kausap, sitwasyon, at plataporma; pagbabago at eksperimentasyon sa wikang Filipino; at ugnayan ng digital at pormal na diskurso. Ipinakikita ng mga temang ito na ang Filipino ay nananatiling mahalagang wika ng pagkakakilanlan, pagpapahayag ng saloobin, at pakikipag-ugnayan, habang patuloy na umaangkop sa mga impluwensiya ng teknolohiya at kulturang digital. Inilalahad din ng korpus ang kahalagahan ng responsableng pangangalap, pagdodokumento, at paggamit ng datos, kabilang ang pagprotekta sa pribadong impormasyon at pagtiyak sa pagiging kompidensiyal ng mga kalahok. Sa kabuuan, ang nabuong digital corpus ay maaaring magsilbing sanggunian sa pagtuturo, pagkatuto, at pananaliksik sa Filipino, lingguwistika, komunikasyon, at kulturang digital, gayundin sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatutong nakaangkla sa aktuwal na karanasan ng Kabataan.

Mga Susing Salita Digital Corpus, Wikang Gen Z, Wikang Filipino, Multimodalidad, Code-Switching, Social Media, Kulturang Digital, Anotasyong Lingguwistiko

INTRODUKSIYON

Ang wika ay mahalagang bahagi ng kultura, identidad, Ang mabilis na pag-unlad ng digital technology (teknolohiyang digital) at social media ay nagbabago sa paraan ng pakikipagkomunikasyon ng kabataan. Sa Facebook, TikTok, Instagram, Messenger, at iba pang digital platforms (platapormang digital), umuusbong ang mga bagong salita, slang (impormal na salita), neologism (bagong likhang salita), abbreviation (daglat), code-switching (pagpapalit-palit ng wika), emoji, hashtag, meme, at iba pang anyo ng digital communication (digital na komunikasyon). Ang mga ito ay hindi lamang impormal na paraan ng pagpapahayag kundi nagpapakita rin ng pagbabago, pagkamalikhain, identidad, at dinamismo ng wikang Filipino ng kabataang Gen Z.

Mahalaga rito ang konsepto ng multimodal o paggamit ng iba't ibang mode (paraan ng pagpapahayag) tulad ng salita, larawan, tunog, video, emoji, kulay, disenyo, galaw, at iba pang biswal na elemento upang makabuo ng kahulugan. Sa ganitong pananaw, ang isang digital na teksto ay hindi lamang sinusuri batay sa mga salita nito kundi sa ugnayan ng iba't ibang anyo ng pagpapahayag. Dahil dito, nagiging mahalagang paksa ang dulog multimodal sa Filipino bilang aralin (lesson), pag-aaral (study), at pananaliksik (research), lalo na sa pagsusuri ng kontemporaryong wika at komunikasyon.

Sa kabila ng lawak ng *digital communication*, nananatiling hamon ang sistematikong documentation (pagdodokumento), organization (pag-aayos), annotation (pagkakategorya), at analysis (pagsusuri) ng mga aktuwal na anyo ng wikang ginagamit ng Gen Z. Maraming salita at ekspresyon ang mabilis na lumilitaw, nagbabago ng kahulugan, at nawawala sa paggamit. Dahil dito, iminungkahi ang Digital Corpus ng Kabataang Gen Z bilang isang searchable digital repository (mahahanap at organisadong digital na imbakan) ng makabagong paggamit ng wikang Filipino, kabilang ang mga linguistic features (katangiang lingguwistiko) at multimodal elements (mga multimodal na elemento).

Higit sa pagiging imbakan ng datos, maaari itong maging interdisciplinary (interdisiplinaryo) at multidisciplinary (multidisiplinaryong) resources para sa Filipino, Lingguwistika, Panitikan, Edukasyon, Komunikasyon, Media Studies, ICT, Sosyolohiya, Sikolohiya, at iba pang larang. Sa kasalukuyan, ang mga sumusunod, gaya ng academic study, teaching, and learning (akademikong pag-aaral, pagtuturo, at pagkatuto), ay makatutulong upang maiugnay ang mga aralin sa aktuwal na digital experiences (digital na karanasan) ng kabataan at maitaguyod ang Filipino bilang buhay na wika ng pananaliksik, teknolohiya, komunikasyon, at paglikha ng kaalaman. Higit sa lahat, isinasaalang-alang ng corpus ang privacy, anonymization (pag-aalis ng pagkakakilanlan), at responsible use of digital data (responsableng paggamit ng digital na datos) upang maging etikal at makabuluhang tala ng patuloy na pagbabago ng wikang Filipino sa digital age (digital na panahon).

METODOLOHIYA

A. Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong penomenolohikal na disenyo (qualitative phenomenological approach) upang maunawaan ang mga karanasan at kahulugang iniuugnay ng mga kalahok sa paggamit ng Wikang Filipino sa social media. Nakatuon ang pamamaraang ito sa paglalarawan at pag-unawa sa kanilang aktuwal na paggamit ng wika, kabilang ang mga ekspresyong digital at mga salik na nakaaapekto sa kanilang komunikasyon. Ginamit ang tematikong pagsusuri (thematic analysis) upang matukoy ang mahahalagang pahayag, kodigo, kategorya, at temang lumitaw mula sa nakalap na datos. Ang mga natukoy na padron ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng digital corpus ng Wikang Filipino.

B. Lugar ng Pag-aaral, Mga Kalahok ng Pag-aaral at Sampol ay Pamamaraan ng Pagpili

Isinagawa ang pag-aaral sa Tanay West Integrated High School sa Tanay, Rizal. Ang mga kalahok ay mga piling mag-aaral sa Senior High School na aktibong gumagamit ng social media at Wikang Filipino sa kanilang digital na komunikasyon. Ginamit ang purposive sampling o sadyang pagpili ng mga kalahok upang matiyak na ang kanilang mga karanasan ay may tuwirang kaugnayan sa layunin ng pananaliksik. Pinili ang mga kalahok batay sa kanilang pagiging bahagi ng komunidad ng paaralan at aktibong paggamit ng social media at Filipino. Binigyang-diin sa pagpili ang kabuluhan at lalim ng impormasyong maibibigay nila sa halip na estadistikal na representasyon ng lahat ng kabataan. na ginamit sa pagpili ng 109 na kalahok.

C. Instrumento ng Pananaliksik

Ang pangunahing instrumento ng pananaliksik ay ang gabay sa mga katanungan sa panayam (interview guide). Binubuo ito ng mga bukas na tanong tungkol sa paggamit ng Wikang Filipino sa social media, kahulugan ng mga digital na ekspresyon, pagpapahayag ng identidad at pananaw, at impluwensiya ng mga salik na sosyal, kultural, at teknolohikal sa paggamit ng wika. Nakabatay ang gabay sa pitong hakbang ng pamamaraang Colaizzi, gaya ng nakasaad sa apendiks ng pag-aaral. Sinuri ang mga tugon upang matukoy ang mahahalagang pahayag, mabuo ang mga kategorya, at mailarawan ang mga umuusbong na tema. Isinaalang-alang din ang mga halimbawa ng digital na ekspresyon upang higit na maunawaan ang kanilang gamit at konteksto bilang batayan sa pagbuo ng digital corpus..

D. Baryabol ng Pag-aaral

Dahil gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong penomenolohikal na disenyo, hindi ito nakatuon sa pagsusuri ng malaya at di-malayang baryabol gaya ng karaniwang ginawa sa kwantitatibong pananaliksik. Sa halip, sinuri nito ang mga pangunahing aspektong may kaugnayan sa paggamit ng Wikang Filipino ng kabataang Gen Z sa social media. Kabilang dito ang mga anyo at padron ng digital na wika, pagpapahayag ng identidad at pananaw, mga impluwensiyang sosyal, kultural, at teknolohikal, at posibleng ugnayan ng digital na wika sa pormal na akademikong pagsulat. Nagsilbing gabay ang mga aspektong ito sa pagsusuri ng mga karanasan ng mga kalahok at sa pagbuo ng digital corpus na nagdokumento sa dinamismo ng Wikang Filipino sa digital na kapaligiran.

E. Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng panayam sa mga piling mag-aaral sa Senior High School ng Tanay West Integrated High School, Tanay, Rizal, na aktibong gumamit ng social media at ng Wikang Filipino sa kanilang digital na pakikipag-ugnayan. Gumamit ang mananaliksik ng gabay sa mga katanungan sa panayam na nakabatay sa pitong hakbang ni Colaizzi upang makuha ang mga karanasan, pananaw, at kahulugan ng paggamit ng kabataang Gen Z sa makabagong anyo ng Wikang Filipino sa social media. Tinalakay sa panayam ang mga karaniwang ekspresyon, salitang balbal, Taglish, code-switching, hashtag, emoji, at iba pang anyo ng digital na wika. Nakalap at inayos ang mga impormasyong nagmula sa mga kalahok bilang batayan sa pagtukoy sa mga padron at katangiang lingguwistiko na naging bahagi ng pagbuo ng digital corpus ng Wikang Filipino.

F. Pagsusuri ng Datos

Sinuri ang mga nakalap na datos gamit ang tematikong pagsusuri upang matukoy at mailarawan ang mahahalagang padron, kategorya, at tema mula sa mga karanasan ng mga kalahok. Bilang gabay sa pagsusuri ng mga karanasang penomenolohikal, isinangguni rin ang pitong hakbang ni Colaizzi, na kinabibilangan ng paulit-ulit na pagbasa sa mga salaysay, pagtukoy sa mahahalagang pahayag, pagbuo ng mga kahulugan, pagpapangkat ng mga kahulugan sa mga tema, paglalarawan sa penomenon, pagtukoy sa pangunahing diwa ng mga karanasan, at pagpapatibay ng paglalarawan batay sa mga kalahok. Binigyang-pansin sa pagsusuri ang mga anyo ng digital na wika, paggamit ng mga salitang balbal at bagong likhang salita, pagpapalit-palit ng Filipino at Ingles, paggamit ng hashtag at emoji, at pagpapahayag ng identidad at pananaw sa social media. Ang mga natukoy na tema at padron ay ginamit bilang batayan sa pagbuo at pagsasaayos ng digital corpus ng makabagong Wikang Filipino.

G. Etikal ng Konsiderasyon

Isinaalang-alang sa pagsasagawa ng pag-aaral ang mga prinsipyong etikal upang mapangalagaan ang karapatan, dignidad, kaligtasan, at pribadong impormasyon ng mga kalahok. Humingi ang mananaliksik ng pahintulot mula sa kinauukulang paaralan at ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin, proseso, at saklaw ng pag-aaral bago isagawa ang mga panayam. Tiniyak na kusang-loob ang kanilang pakikilahok at binigyan sila ng pagkakataong tumangging sumagot o umatras sa pag-aaral. Pinanatiling kumpidensiyal ang mga personal na impormasyon at ginamit lamang ang mga nakalap na datos para sa layunin ng pananaliksik. Sa pagdodokumento ng mga ekspresyon at halimbawa ng digital na wika, iniwasan ang paglalantad ng mga pangalan, account, mensahe, o iba pang impormasyong maaaring makakilala sa mga kalahok nang walang pahintulot. Tiniyak din na ang mga datos ay naitala, sinuri, at inilahad nang tapat, responsable, at may paggalang sa konteksto at kahulugan ng mga pahayag ng mga kalahok.

RESULTA AT TALAKAYAN

A.Kongkretong Halimbawa ng Gen Z Digital Corpus

Salita/Termino	Kahulugan	Halimbawa ng Paggamit	Pinagmulan/Konteksto
AFK	*Away From Keyboard*; pansamantalang hindi aktibo o wala sa device	"AFK muna ako, may gagawin lang."	Online chat/Gaming
Aesthetic	Kaaya-ayang estilo o biswal na anyo	"Aesthetic ng room mo!"	Social media
Ama	Pabirong tawag o ekspresyong ginagamit sa reaksiyon	"Ama, bakit ganito?"	Online conversation
Awit	Pagpapahayag ng pagkadismaya, pagkabigo, o panghihinayang	"Nag-review ako pero bumagsak. Awit."	Messenger/TikTok
Baks	Impormal na tawag sa kaibigan	"Baks, sama ka mamaya."	Online chat
Bet	Gusto o sang-ayon sa isang bagay.	"Bet ko ang outfit mo today!"	Impormal na paggamit ng salitang Ingles na bet upang ipahayag ang interes o pagsang-ayon.
Beh	Tawag sa kaibigan o malapit na kakilala.	"Beh, tara na, late na tayo!"	Karaniwang tawagan sa impormal na usapan ng mga Pilipino.
BFF	*Best Friends Forever*; matalik na kaibigan	"Siya ang BFF ko since high school."	Social media
Bored	Naiinip o walang ginagawa	"Bored ako today."	Online chat
BTW	*By the way*; ginagamit upang magdagdag ng bagong paksa	"BTW, may assignment tayo."	Chat
Cancelled	Hindi na sinusuportahan o tinatanggap dahil sa kontrobersiya o maling asal	"Cancelled na siya after that issue."	Social media
Canon event	Mahahalagang karanasang itinuturing na kailangang pagdaanan	"First heartbreak niya—canon event."	TikTok/Social media
Cap	Kasinungalingan o hindi totoong pahayag.	"Sabi niya perfect score siya, cap naman!"	Popular sa internet slang at hip-hop culture. Ang no cap ay nangangahulugang seryoso o nagsasabi ng totoo.
Cooked	Nasa alanganing sitwasyon, talo, o tila wala nang pag-asa.	"Hindi ako nag-review para sa exam. Cooked na ako!"	Karaniwang ginagamit sa internet slang, memes, gaming, at impormal na usapan.
Core	Estilo, aesthetic, o temang nagpapakilala sa isang partikular na bagay o personalidad.	"Very probinsya-core ang outfit niya."	Popular sa social media sa mga terminong gaya ng cottagecore, Barbiecore, at coquettecore.
Clout	Popularidad o impluwensiya sa social media	"Ginagawa niya 'yan para sa clout."	Social media
Cringe	Nakakailang, nakakahiya, o hindi komportableng panoorin	"Cringe naman ng video niya."	TikTok
Dasurv	Impormal na anyo ng *deserve*	"Nakapasa siya. Dasurv!"	TikTok/Facebook
Dasalan	Pabirong pagtukoy sa bagay na nangangailangan ng panalangin	"Exam bukas? Dasalan na talaga."	Social media
Deadma	Hindi pagpansin o pagbabalewala	"Deadma lang ako sa comment niya."	Online conversation
Delulu	Pinaikling *delusional*; hindi makatotohanang pag-asa o paniniwala	"Feeling ko gusto niya rin ako. Delulu era."	TikTok
Deserve	Karapat-dapat makamit o matanggap ang isang bagay	"Deserve niya 'yung award."	Social media
DM	*Direct Message*; pribadong mensahe	"DM mo na lang ako."	Facebook/Instagram
Eme	Pabirong ekspresyon na nagpapagaan o nagpapakitang hindi literal ang sinabi	"Busy ako today, eme."	Online chat
Era	Yugto o panahon na kaugnay ng isang partikular na karanasan o estilo	"Healing era ko ngayon."	TikTok/Social media
FOMO	*Fear of Missing Out*; pangambang may napapalampas na karanasan	"Sumama ako dahil sa FOMO."	Social media
FR	*For real*; pagpapahayag ng pagsang-ayon o pagbibigay-diin	"Ang hirap ng exam, fr."	Messenger/TikTok
Friendzone	Kalagayang kaibigan lamang ang turing sa isang taong may romantikong interes	"Na-friendzone na naman ako."	Social media
Flex	Pagpapakita o pagbabahagi ng tagumpay, kakayahan, ari-arian, o karanasan upang mapansin o humanga ang ibang tao.	"Nag-flex siya ng bagong sapatZs sa kaniyang Instagram story."	Nagmula sa salitang Ingles na flex, na nangangahulugang ipakita ang lakas o kakayahan. Sa Gen Z slang, tumutukoy ito sa pagpapakitang-gilas, lalo na sa social media.
GG	*Good game*; karaniwang ginagamit sa gaming o bilang reaksiyon sa pagkatalo	"GG, panalo kayo."	Gaming/Chat
Glow up	Malaking positibong pagbabago sa itsura, estilo, o sarili	"Grabe ang glow up niya!"	TikTok/Instagram
Ghosting	Biglaang hindi pagpansin o pagtigil ng pakikipag-usap sa isang tao nang walang paliwanag.	"Akala ko okay kami, bigla na lang niya akong gino-ghost."	Nagmula sa salitang Ingles na ghost, na tumutukoy sa multo. Naging popular sa online dating, pagkakaibigan, at social media upang ilarawan ang biglaang pagkawala ng komunikasyon.
Green flag	Positibong katangian o asal na magandang senyales	"Respectful siya sa lahat. Green flag!"	Social media
Grind	Patuloy at masigasig na pagtatrabaho o pagsisikap	"Grind lang hanggang makuha ang goal."	Social media/Gaming
Guurl	Pabirong anyo ng *girl*; tawag sa kaibigan o kausap	"Guurl, alam mo ba ang chika?"	Social media
HAHAHA	Nakatalang tawa o reaksiyon sa nakakatawang bagay	"HAHAHA, grabe ka!"	Chat/Social media
Hangry	Pinagsamang *hungry* at *angry*; pagiging iritable dahil sa gutom	"Hangry na ako, kain na tayo."	Online chat
Hashtag	Susing salita o pariralang nilalagyan ng # upang tukuyin o iugnay ang content	"#StudyGoals"	Social media
Highkey	Hayagan, malinaw, o talagang-talaga	"Highkey excited na ako!"	Online chat
Hugot	Pahayag na may emosyonal o personal na pinaghuhugutan	"May hugot na naman sa caption niya."	Social media
Ick	Biglaang pagkawala ng paghanga o attraction dahil sa isang kilos	"Nakita kong bastos siya sa waiter. Ick."	TikTok/Instagram
IDK	*I don't know*; hindi ko alam	"IDK kung pupunta ako."	Chat
IG	*Instagram* o impormal na pagpapaikli ng *I guess*, depende sa konteksto	"Post mo sa IG."	Social media
IMO	*In my opinion*; sa aking palagay	"IMO, mas maganda 'yung una."	Online discussion
Inang	Pabirong o ekspresibong anyo ng pagtawag o reaksiyon	"Inang buhay 'to!"	Online conversation
IRL	*In real life*; sa tunay na buhay	"Magkaibigan kami IRL."	Online chat
IYKYK	*If you know, you know*; para sa mga nakauunawa sa partikular na karanasan	"Canteen food during recess, IYKYK."	TikTok/X
J3J3	Estilong pagsulat na gumagamit ng pinaghalong malalaki at maliliit na titik at numero	"h3ll0, kUmUsTa?"	Online culture
JK	*Just kidding*; biro lamang	"Galit ako sa'yo, JK."	Chat
Jelly	Nakakaramdam ng inggit o selos sa isang tao o bagay.	"Jelly ako sa kanilang travel photos!	Nagmula sa pinaikling salitang Ingles na jealous at ginagamit sa impormal na online conversations.

KKB	*Kanya-kanyang bayad*	"KKB tayo sa dinner."	Chat/Social media
Labyu	Pabirong anyo ng *love you*	"Labyu, bes!"	Messenger
Legit	Tunay, totoo, o kapani-paniwala	"Legit ang galing niya."	Social media
Lowkey	Palihim o hindi lantad na pagpapahayag ng damdamin, interes, o kagustuhan.	"Lowkey gusto ko siyang makasama sa prom."	Nagmula sa Ingles na low-key at ginagamit sa social media upang ilarawan ang mga bagay na hindi gustong ipahalata.
Living rent-free	Isang tao, pangyayari, o alaala na palaging nasa isip ng isang tao.	"Yung sinabi niya kahapon, living rent-free sa isip ko."	Internet slang na popular sa memes at social media.
Main character	Pakiramdam na pangunahing tauhan sa sariling buhay o karanasan	"Coffee shop mag-isa—main character moment."	TikTok
Manifest	Pagpapahayag o pag-iisip ng nais na mangyari	"Manifesting good grades!"	TikTok/Social media
Marites	Taong mahilig sa tsismis o usapan tungkol sa buhay ng iba	"May bagong chika si Marites."	Social media
Me time	Panahong inilaan para sa sarili	"Me time muna bago magtrabaho."	Social media
Mema	Kahit ano lamang o basta may masabi	"Mema lang talaga ang comment niya."	Online conversation
Mii	Pabirong anyo ng *me* o *ako*	"Mii, pagod na ako."	Social media
Mood	Pagpapahayag na nakauugnay ang sarili sa isang sitwasyon o emosyon	"Natutulog buong araw—mood."	Social media
Naur	Pabirong anyo ng *no*	"Naur, hindi ko kaya 'yan."	TikTok
No cap	Totoo o walang pagsisinungaling	"No cap, pinakamaganda 'yung performance niya."	TikTok/Gaming
NPC	*Non-Player Character*; ginagamit din bilang biro para sa taong tila walang sariling reaksyon o paulit-ulit ang kilos	"Parang NPC siya kung sumagot."	Gaming/TikTok
Pa-fall	Taong nagbibigay ng impresyong may romantikong interes ngunit hindi malinaw ang intensiyon	"Huwag kang pa-fall."	Social media
Pa-mine	Pahayag ng pag-angkin o pagnanais na makuha ang isang bagay	"Pa-mine po ng bag!"	Facebook Live/Social media
Periodt	Pahayag na nagbibigay-diin na tapos na ang usapan o walang dapat kontrahin	"Deserve niya ang award, periodt!"	Internet slang na variation ng "period," na ginagamit upang idiin ang opinyon.
POV	"Point of view"; nagpapakita ng pananaw o sitwasyon mula sa isang perspektibo	"POV: Ikaw ang may pasok pero lahat ng kaibigan mo ay bakasyon."	Popular sa TikTok, memes, at short-form videos.
Red flag	Katangian o kilos na itinuturing na babala sa isang tao o relasyon	"Hindi siya marunong rumespeto—red flag."	Social media
Repost	Muling paglalagay o pagbabahagi ng isang content	"Repost ko na lang 'yung video."	Facebook/TikTok
RN	*Right now*; sa kasalukuyang oras	"Busy ako rn."	Messenger/X
Salty	Naiinis, may hinanakit, o hindi matanggap ang nangyari	"Salty siya dahil natalo."	Gaming/Social media
Sana all	Pagpapahayag ng paghanga o bahagyang inggit sa magandang kalagayan ng iba	"May bagong iPhone siya. Sana all!"	Social media
Savage	Matapang, prangka, o matinding reaksiyon/pahayag	"Savage ng reply niya!"	TikTok/Social media
Shookt	Labis na nagulat o nabigla	"Shookt ako sa ending!"	TikTok
Simp	Taong labis na nagpapakita ng atensiyon o paghanga sa isang tao	"Simp na simp siya sa crush niya."	Social media
Slay	Mahusay, kahanga-hanga, o matagumpay na ginawa	"Slay ka sa presentation mo!"	TikTok/Instagram
Slayable	Itinuturing na bagay o taong madaling magmukhang mahusay o kahanga-hanga	"Slayable talaga ang outfit na 'yan."	TikTok/Instagram
Soft launch	Pahiwatig o bahagyang pagpapakita ng isang relasyon o bagong bahagi ng buhay nang hindi tahasang ipinapakilala	"Nag-soft launch na siya ng jowa."	Instagram/Facebook
Stan	Masugid o matinding tagahanga ng isang tao o bagay	"I stan this artist."	X/TikTok
Sus	Pinaikling *suspicious*; kahina-hinala	"Sus naman ng dahilan mo."	Gaming/Chat
Swertea	Pabirong reaksiyon sa isang sitwasyong may tsismis o intriga	"May bagong issue? Swertea!"	Social media
Tea	Tsismis, impormasyon, o detalye tungkol sa isang isyu	"Ano ang tea?"	TikTok/X
TGIF	*Thank God It's Friday*; pagpapahayag ng tuwa dahil Biyernes na	"TGIF! Weekend na!"	Social media
Throwback	Pagbabalik o pagbabahagi ng lumang larawan o alaala	"Throwback sa graduation namin."	Facebook/Instagram
Uhm	Ekspresyong nagpapakita ng pag-aalinlangan, pag-iisip, o hindi pagiging sigurado	"Uhm, hindi ko yata kaya."	Online chat
Vibe	Damdamin, atmosphere, o pangkalahatang dating ng isang tao o lugar	"I like the vibe here."	Social media
Viral	Mabilis at malawak na pagkalat o pagkuha ng atensiyon online	"Nag-viral ang video niya."	TikTok/Facebook
Werpa	Baligtad na anyo ng *power*; pagpapalakas o paghikayat	"Kaya mo 'yan! Werpa!"	Social media
Woke	Kamalayan sa mga isyung panlipunan o sensitibong usapin	"Woke siya sa social issues."	Social media
Yawa	Ekspresyon ng pagkagulat, inis, o matinding reaksiyon	"Yawa, ang hirap ng exam!"	Online conversation
Zzz	Simbolo ng antok, pagkabagot, o kawalan ng interes	"Zzz, boring naman ng discussion."	Chat/Social media

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

A. Kongklusyon

Batay sa pagbuo ng Gen Z Digital Corpus, napag-alaman na ang wika ng kabataang Gen Z ay dinamiko, malikhain, at patuloy na nagbabago dahil sa impluwensiya ng social media, online gaming, at digital communication. Ang mga salitang tulad ng AFK, aesthetic, awit, bet, at delulu ay nagpapakita ng paggamit ng mga bagong termino, pinaikling salita, hiram na salita, at ekspresyong nagkakaroon ng natatanging kahulugan batay sa konteksto.Ipinakita rin ng corpus na ang kahulugan ng mga salita ay hindi lamang nakabatay sa literal na depinisyon kundi maging sa sitwasyon, layunin, at ugnayan ng mga gumagamit. Sa pamamagitan ng mga halimbawa ng aktuwal na

paggamit, tematikong pagsusuri, at pag-uuri ng mga termino, naidokumento ang mahahalagang katangian ng digital na komunikasyon ng Gen Z.Samakatuwid, ang Gen Z Digital Corpus ay maaaring magsilbing sanggunian sa pag-aaral ng kontemporaryong wika, diskurso, at komunikasyong digital. Nagbibigay ito ng pagkakataon upang higit na maunawaan ang ugnayan ng wika, teknolohiya, at kulturang kabataan.

B. Rekomendasyon

Batay sa mga kongklusyon, inirerekomenda na palawakin ng mga susunod na mananaliksik ang Gen Z Digital Corpus sa pamamagitan ng pangangalap ng karagdagang salita, ekspresyon, at halimbawa ng paggamit mula sa iba't ibang pangkat ng kabataan at digital platform. Maaari itong gamitin ng mga guro bilang pantulong na materyal sa pagtuturo ng Filipino, partikular sa pagtalakay sa pagbabago ng wika, sosyolingguwistika, at komunikasyong digital. Hinihikayat din ang mga mag-aaral na maging mapanuri at responsable sa paggamit ng mga terminong popular sa internet upang maunawaan ang kahulugan, konteksto, at angkop na gamit ng mga ito. Para sa mga susunod na pag-aaral, iminumungkahi ang pagsusuri sa pagkakaiba ng paggamit ng digital na wika batay sa edad, rehiyon, digital platform, at iba pang salik na nakaaapekto sa komunikasyon ng Gen Z. Mahalaga ring regular na i-update ang corpus, tiyakin ang kawastuhan ng mga depinisyon, at sundin ang mga pamantayang etikal sa pangangalap at dokumentasyon ng datos upang mapanatili ang pagiging kapaki-pakinabang nito bilang sanggunian sa pag-aaral ng makabagong wikang Filipino.

SANGGUNIANG BANGGIT

[1] Ador, Z. I. (2023). The discourse of Gen Z in social media network: Inputs to English language teaching. The Research Probe, 3(2), 42–52. https://doi.org/10.53378/trp.12232

[2] Arugay, G. C. (2023). Cases of code-switching on Facebook comments of public school teachers in the Philippines: Its implications to classroom teaching and language policies. SEAQIL Journal of Language Education, 2(1), 1–9. https://doi.org/10.70046/sjle.2.1.1-9

[3] Bautista, K. H., Carillo, M. L., Chikhani, W., Fontanilla, J. B., Jacinto, R. J., Lactao, M., Mempin, A. L., et al. (2025). A semantic and morphological analysis of Filipino social media lexicon. Asian Journal of Language, Literature and Culture Studies, 8(3), 839–860. https://doi.org/10.9734/ajl2c/2025/v8i3288

[4] Dimaculangan, N., & Sarmiento, M. (2024). A corpus-based study of word-formation creativity in Facebook Philippine English. International Journal of Evaluation and Research in Education, 13(2), 1252–1264. https://doi.org/10.11591/ijere.v13i2.26182

[5] Doğruöz, A. S., Sitaram, S., Bullock, B. E., & Toribio, A. J. (2023). A survey of code-switching: Linguistic and social perspectives. arXiv. https://arxiv.org/abs/2301.01967

[6] Francisco, L. N. A., & Ituralde, R. A. C. (2025). WikaGenZ 2: The development of language among Filipino youth. International Journal of Research Studies in Education, 14(4), 23–31. https://doi.org/10.5861/ijrse.2025.25832

[7] Grandez, M. B., Ablero, M. C. P., Lasala, R. M., Gomez, M. T. G., & Bonganciso, R. T. (2023). Forda Ferson: The morphological structure of Generation Z slang in social media. Journal of English as a Foreign Language Teaching and Research, 3(2), 14–30. https://doi.org/10.31098/jefltr.v3i2.1847

[8] Javellana, V. F. M., & Eustaquio, M. T. L. (2025). "Sana All": A critical discourse analysis on its popularity among Filipino Generation Z. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 1181–1188. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2024.8120098

[9] Luhulima, C. C., et al. (2024). Language change on social media. International Journal of English and Applied Linguistics. https://doi.org/10.47709/ijeal.v4i1.3718

[10] Pasa, T., & Mahyuni. (2023). Language variations among teenagers in social media. Atlantis Press. https://doi.org/10.2991/978-2-494069-21-3_20

[11] Sawe, M. V. (2025). Digital identity and linguistic play: A study of Filipino TikTok slang among Generation Z. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 9(2), 3054–3063. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.9020239

[12] Suizo, C. D. (2024). Gen Z's language identity and contemporary philosophies in the digital era. Journal of Natural Language and Linguistics, 2(1), 13–17. https://doi.org/10.54536/jnll.v2i1.2396

Zappavigna, M. (2023). Digital discourse and social media. Oxford University Press. https://global.oup.com/academic/product/digital-discourse-9780197536224